Series 7, No. 18













# SUGPUIN ANG FALL ARMYWORM (FAW)

Ang FAW ay kilalang peste ng mais sa Pilipinas. Unang naiulat ang pag-atake nito sa mga punlang palay sa Cagayan noong Mayo 2021. Kumalat ito sa 13 bayan sa Rehiyon 2 at paulit-ulit nang naminsala doon. Hunyo 2022 nang nagsimula ng maminsala ang FAW sa mga sabog-tanim na palay sa San Jose City, Nueva Ecija. Hulyo 2023 ay umabot na rin ito sa mga punlaan ng Science City of Muñoz.

## Paano makikilala

- ✓ Ang mga uod o larba ay kulay mapusyaw na berde hanggang kayumanggi o itim, itim ang ulo, at may puting guhit sa likod ng katawan. Sa dulo ng katawan ay may apat na itim na tuldok, na kung guguhitan ay bubuo ng parisukat (a).
- ✓ Ang haba ng magulang na uod ay halos isang pulgada, at may guhit na binaligtad na "Y" sa kanyang ulo (b).
- ✓ Nanginginain ang mga uod sa loob ng 2-3 linggo, at anim na beses maghuhunos. Ang magugulang na uod ay nagiging pupa o uod-tulog sa lupa, mga nabubulok na parte ng halaman, o sa pagitan ng mga dahon sa puno ng palay (c).
- ✓ Ang mga paruparo nito (d1 at d2) ay kulay abo at kayumanggi ang mga harapang pakpak, at mamuti-muti naman ang likurang pakpak.

## Pinsala sa palay

- ✓ Maaaring masimot ng mga uod ang mga dahon ng punlang palay, na posibleng makabawas ng malaki sa ani.

# SUGPUIN ANG FALL ARMYWORM (FAW)

## Katangian

- ✓ Pinipili ng FAW na kainin ang mais ngunit matakaw din sa palay, sorghum, tubo, repolyo, soybean, sibuyas, bulak, pasture grasses, kamatis, at patatas.
- ✓ Likas na mabilis kumalat ang FAW. Ang mga paruparo nito ay nakalilipad nang higit 500 km bago mangitlog. Kaya rin nilang lakbayin ang 1,500km-2,000km sa maikling panahon lamang. Kumakalat sila sa mga magkakalapit na bansa.
- ✓ Nabubuhay at nagpaparami ang FAW sa buong taon sa kahit anong halaman na pwede nilang makain, basta lamang maayos ang panahon.
- ✓ Dalawang uri ang FAW: 'Rice strain' na nanginginain sa palay; at 'Corn strain' na umaatake sa mais, bulak, at batad (sorgum), pati palay.

## Pamamahala

- ✓ Subaybayan ang mga punlaan at palayan mula 7 araw pagkasabog-tanim upang agad malaman kung may FAW. Tuwing umaga o takipsilim, maghanap ng mga maliliit na uod ayon sa naunang pagsasalarawan. Hudyat din na may uod ng FAW kung may mga ibon na naakit sa palayan.
- ✓ Kung may pag-atake, patubigan ang palayan upang umangat ang mga uod at mas madali silang makita at mapuksa.
- ✓ Kolektahin ang mga namatay na uod na maaaring napuksa ng virus, fungi, o bacteria. Durugin ang mga uod, ihalo ang katas nila sa tubig, at ibomba upang mapuksa rin ang mga buhay pang larba.
- ✓ Gumamit lamang ng insektisidyo bilang huling paraan. Kumunsulta sa mga eksperto sa crop protection sa inyong lugar.
- ✓ Ugaliin ang sabayang pagtatanim matapos ipahinga ang lupa. Habang wala pang palay, tanggalin ang mga damo sa palayan upang walang makainan at pangitlugan ang FAW.

Ipaalam kaagad sa pinakamalapit na City/ Municipal Agriculture Office, RCPC, o DA-PhilRice kung makakita ng FAW sa palayan.

Kasama ang:

Binuo nina: Evelyn M. Valdez, Genaro S. Rillon, Ravindra C. Joshi, Dindo King M. Donayre, Edwin C. Martin, Kennedy B. Dela Cruz, Femia R. Sandoval, Eduardo Jimmy P. Quilang, Minda Flor Aquino, Muhammad Faheem, and Sivapragasam Annamalai • Layout Artist: Sarah Joy N. Ruiz

Kilalanin ang mga sumulat kung gagamitin ang babasahing ito.

creative commons